BRITISH COLUMBIA
CANADA

Ang Pagsisimula ng Maliit na Negosyo 2011

CANADA STARTS HERE | THE BC JOBS PLAN

BRITISH COLUMBIA | Ministry of Jobs, Tourism and Innovation

BRITISH COLUMBIA ANG PAGSISIMULA NG MALIIT NA NEGOSYO

OKTUBRE 2011 NA EDISYON

BRITISH COLUMBIA
Ministry of Jobs, Tourism and Innovation

AKSES O PAGGAMIT SA INTERNET

Marami sa mga mapagkukunan na nakalista sa patnubay na ito ay nasa website lamang. Kung wala kayong sariling linya ng Internet, maaari ninyong subukan ang mga lokal na silid-aklatan o 'library' o ang Community Futures Development Corporation (tumawag sa **604 685-2332** upang malaman ang pinakamalapit na lokasyon nito sa inyo) para sa libreng paggamit ng Internet.

ANG GABAY NA ITO AY MAKUKUHA RIN ONLINE SA:

Ministry of Jobs, Tourism and Innovation
www.resourcecentre.gov.bc.ca/pdf/Start_SmlBusiness.pdf

Small Business BC
www.resourcecentre.gov.bc.ca/publications.html

OneStop Business Registry
www.bcbusinessregistry.ca/startingabusiness.htm

MGA NILALAMAN

ANG PATNUBAY NA ITO **1**

ANG INYONG DALAWANG PANGUNAHING MAPAGKUKUNAN 2

14 NA HAKBANG SA PAGSISIMULA NG INYONG MALIIT NA NEGOSYO **5**

1. SIGURADUHIN NA ANG PAGPAPATAKBO NG MALIIT NA NEGOSYO AY TAMA PARA SA INYO 5
2. PAGPASIYAHAN ANG ISTRUKTURA NG NEGOSYO 5
3. GUMAWA NG PLANONG PANG-NEGOSYO 6
4. KUMUHA NG PONDONG PANG-NEGOSYO 6
5. PUMILI NG PANGALAN NG INYONG NEGOSYO AT PA-APROBAHAN ITO 7
6. IREHISTRO ANG INYONG NEGOSYO 8
7. MAG-APLAY NG PANGALAN NG INYONG 'DOMAIN' O KUNG SA ANONG PANGALAN ITO MAKIKILALA SA INTERNET 9
8. MAGREHISTRO PARA SA MRDT 9
9. MAGREHISTRO PARA SA HST 9
10. TAPUSIN ANG IBA PANG MGA PAGPAPAREHISTRO 10
11. IMBESTIGAHAN ANG IBANG MGA KARAGDAGANG PAGREREHISTRO AT MGA KAKAILANGANIN SA PAGNENEGOSYO 13
12. TINGNAN ANG MGA KINAKAILANGANG PERMISO AT MGA LISENSYA – BIZPAL 15
13. GAWIN NA BAHAGI NG PAGNENEGOSYO ANG MGA PAMAMALAKAD NA MAKATUTULONG SA KABUTIHAN NG KAPALIGIRAN 15
14. TINGNAN ANG IBA PANG KAPAKI-PAKINABANG NA MAPAGKUKUNAN 16

MGA ABORIHINAL NA ENTREPRENYUR 16

MGA KABATAANG ENTREPRENYUR 17

MGA KABABAIHANG ENTREPRENYUR 17

PANGKALAHATANG IMPORMASYON 18

ANG PATNUBAY NA ITO

Ang lakas ng maliit na negosyo ay patuloy na nagtutulak sa ekonomiya sa British Columbia.

Nakatutuwang malaman na 98 porsiyento ng lahat ng mga negosyo sa British Columbia (B.C.) ay mga maliit na negosyo (mayroong hindi hihigit sa 50 empleyado o mga nagtratrabaho para sa kanilang sarili), na nagbibigay ng trabaho sa higit sa 1 milyong katao. Ito'y halos 57% ng lahat ng mga trabaho sa pribadong sektor sa probinsya.

Kasalukuyang may higit sa 391,700 na pinapalakad na maliliit na negosyo sa B.C. Ito'y nasa agrikultura, teknolohiya, hospitality, tourism, construction, manufacturing, edukasyon, mining, at resource management.

Ang publikasyon na ito ay idinebelop bilang isang patnubay na makakatulong sa iyo sa pagplaplano, pagsasagawa, at pagdibelop ng isang maliit na negosyo. Ito'y nagbibigay ng mahalagang impormasyon na kailangan mo at links sa karagdagang resources tulungan kang masigurado na magtatagumpay ka sa iyong bagong negosyo.

Ngayong taon ay binago ang Small Business Roundtable website sa www.smallbusinessroundtable.ca upang gawing mas madaling gamitin at upang gawing pangunahing layunin ang pagiging maayos para sa maliit na negosyo.

May karagdagang resources din sa 'Business and Investing' tab ng bagong website para sa Probinsya ng B.C. na makikita sa: www.gov.bc.ca.

ANG INYONG DALAWANG PANGUNAHING MAPAGKUKUNAN

Maraming makatutulong na mapagkukunan o 'resources' ang makikita sa patnubay na ito, ngunit ang dalawa na nagkakaloob ng mga pangunahing serbisyo at impormasyon para sa mga entreprenyur ng B.C. ay ang:

Small Business BC
www.smallbusinessbc.ca
82–601 West Cordova Street
Vancouver, B.C. V6B 1G1
Tel: 604 775-5525 o 1 800 667-2272
Fax: 604 775-5520
E-mail: askus@smallbusinessbc.ca

Ang Small Business BC ay nagbibigay ng mga pag-payo na serbisyo, edukasyon at isang komunidad upang matulungan ang mga entreprenyur na magtagumpay sa lahat ng yugto ng pagnenegosyo. Suportado ng Ministry of Jobs, Tourism and Innovation at ng Western Economic Diversification, ang Small Business BC ay nagbibigay sa mga may-ari ng maliit na negosyo ng mga sumusunod na serbisyo sa abot-kayang halaga.

- **General Business Information Advisory Service:** Libre na konsultasyon sa isang Business Service Officer upang matulungang sagutin ang inyong mga katanungan tungkol sa pagnenegosyo (walang bayad).
- **Business Plan Review Service:** Pagrebyu ng Business Plan para matulungan kayo sa pamamagitan ng obhetibong pag-aaseso ng inyong plano at pagbibigay ng feedback at mga mapagkukunan ng tulong sa paghahanda ng presentasyon at/o pagsasagawa.
- **Business Advisory Service:** Pagpapayo na serbisyo upang matulungan kayong magdibelop ng istratehiya sa pagsisimula o pagpapalaki ng inyong negosyo.
- **E-Business Advisory Service:** Pagpapayo na serbisyo upang matulungan kayo sa pagtatatag ng isang online na negosyo.
- **Market Research Advisory Service:** Pagpapayo na serbisyo upang matulungan kayo sa pagsagawa ng pananaliksik sa inyong market gamit ang aming in-house na library at online na mapagkukunan ng datos.
- **Trade Advisory Service:** Pagpapayo na serbisyo upang matulungan kayo sa pag-angkat o pag-import, at sa pagiging handa para sa pagluluwas o pag-export, at pagpalawak sa mga bagong market na internasyonal.
- **Business Seminars:** Mga seminar na punô ng impormasyon ukol sa pagnenegosyo, binibigay ng mga eksperto sa industriya, upang matulungan ang inyong kaalaman at kakayahan na kinakailangan sa kahit anong yugto ng

negosyo. Ang mga workshop at seminar ay makukuha sa pamamagitan ng video conference sa higit sa 50 rehiyonal na kominidad sa B.C.

- **Library para sa Pananaliksik tungkol sa Pagnenegosyo:** Isang mapagkukunan ng impormasyon ukol sa pagnenegosyo at mga datos tungkol sa market, na may isang library na may daan-daang ulat tungkol sa negosyo, mga peryodikal, mga lisensyadong databases, at iba pa.
- **Business Bookstore:** Naghahandog ng pinakatanyag na mga ulat ukol sa kung paano magsagawa ng halos kahit anong bahagi ng pagnenegosyo.
- **Packages:** Mga pinagbigkis na mga seminar, mga aklat at pagpapayo na serbisyo na isinagawa upang mapaglingkuran ang inyong mga pangangailangang pang-negosyo sa iba't-ibang yugto.

OneStop Business Registry
www.bcbusinessregistry.ca

Tel: 250 370-0332
Help Desk: 1 877 822-6727
E-mail: OneStop.Help@gov.bc.ca

Ang OneStop Business Registry ay pinahihintulutan ang mga bago at mga kasalukuyang tumatakbong negosyo upang mapabilis at mapadali ang pagkumpleto sa mga pinaka-pangkaraniwang kinakailangang pagrerehistro at transaksiyon sa Internet. Sa pamamagitan ng OneStop-na bukas 24 na oras sa isang araw, at pitong araw sa loob ng isang linggo – kayo ay maaari na:

- Magrehistro ng isang negosyo na 'sole proprietorship' o kaya ay 'general partnership' sa Probinsya ng B.C.
- Magrehistro sa WorkSafeBC bilang isang nag-e-empleyo o mag-aplay para masakop ng tinatawag na Personal Optional Protection coverage.
- Magrehistro para sa Harmonized Sales Tax (HST), pagkaltas sa sweldo o 'payroll deductions,''corporate income tax' at mga account para sa pag-angkat/ pagluluwas.
- Mag-aplay ng lisensya sa pagnenegosyo sa mga kalahok na lokal na gobyerno/ First Nations.
- Mag-aplay ng pang-negosyong BC*e*ID, isang serbisyong pang-Internet na magagawang posible para sa inyo para magamit ang isang ID para maka-login at 'password' upang makapasok o maka-sign in ng walang balakid sa alinmang BC*e*ID na kalahok sa panlalawigang website ng gobyerno.
- Mag-aplay ng lisensya sa pagtitinda ng mga alak at inuming may ispiritu sa restaurant (food-primary).
- Mag-aplay ng paglipat ng pagmamay-ari ng lisensya para sa pagtitinda ng alak at

inuming may ispiritu sa restaurant (food-primary) mula sa isang may-ari papunta sa iba.

> Mag-renew ng kasalukuyang lisensya sa pagtitinda ng mga alak at inuming may ispiritu, o tingnan ang katayuan ng anumang mga pagbabago na inyong hiniling sa inyong lisensya sa pagtitinda ng mga alak at inuming may ispiritu.

Karagdagan:

> Maaari ninyong makuha ang numero ng inyong negosyo o Business Number (BN) sa pamamagitan ng OneStop. Ito ay naiibang siyam-na-bilang na numero na itinalaga sa inyong negosyo na madadala ninyo kahit saang ahensya ng gobyerno kayo makipag-ugnayan – ginagawang higit na simple at lalong madali para sa inyo ang pakikipag-transaksiyon sa amin.

ONESTOP ACCESS

Kung nais ninyong gamitin ang mga serbisyo ng OneStop subali't wala kayong sariling computer, subukan ang isa sa mahigit 100 na lugar ng OneStop sa probinsya, na kung saan may mga terminal na magagamit ang publiko at may mga kawani na tutulong sa inyo kung kailangan ninyo.

Upang alamin ang pinakamalapit na lokasyon, tawagan ang OneStop Help Desk sa 1 877 822-6727 Lunes hanggang Biyernes ika-7 n.u. hanggang ika-7 n.g. Pacific Time (ika-8 n.u. hanggang ika-8 n.g. Mountain Time) maliban sa mga araw ng pista opisyal.

14 NA HAKBANG SA PAGSISIMULA NG INYONG MALIIT NA NEGOSYO

Ang mga sumusunod ang mga pangunahing hakbang na kinakailangang gawin ng mga maliliit na negosyo bago sila makapagsimula sa British Columbia.

1. SIGURADUHIN NA ANG PAGPAPATAKBO NG MALIIT NA NEGOSYO AY TAMA PARA SA INYO

Kinakailangan ng oras, pagtatalaga sa sarili, magandang ideya, tamang personalidad at ilang mga pangunahing kasanayan sa pagnenegosyo upang makapagsimula at magtagumpay sa pagpapatakbo ng isang maliit na negosyo.

Ang website ng Small Business BC ay nagkakaloob ng serye ng pangkaraniwang mga katanungan na makakatulong sa inyo na matantiya at masubok ang inyong ideya para sa isang bagong maliit na negosyo, at ang dokumento na tinatawag na Business Development Concepts na punung-puno ng mga impormasyon tungkol sa paghahanap o paggawa ng mga bagong pagkakataon sa negosyo.

2. PAGPASIYAHAN ANG ISTRUKTURA NG NEGOSYO

Karamihan ng maliliit na negosyo ay pinapalakad bilang isa sa sumusunod:

- 'Sole proprietorship,' nag-iisang may ari, kung saan kayo lamang ang empleyado (hal. kayo ay naghahanap-buhay para sa sarili ninyo).
- 'General partnership,' kung saan maaari kayong sumali sa isa o marami pang ka-partner.
- Kaya ay korporasyon (kilala din sa tawag na limitadong kompanya).

Ang Small Business BC ay tinatalakay ang mga puntong pabor at hindi pabor o kontra sa bawa't klase ng negosyo sa:

www.smallbusinessbc.ca/bizstart-prop.php

Maaari kayong makakuha ng iba pang impormasyon tungkol sa iba't ibang istruktura ng negosyo sa pamamagitan ng BC Registry Services (Ministry of Labour, Citizens' Services and Open Government). Pumunta sa:

www.bcregistryservices.gov.bc.ca

Mayroon ding impormasyon sa site na ito ukol sa ibang mga istruktura ng negosyo, tulad ng societies at cooperatives.

Ang Corporations Canada (bahagi ng Industry Canada) ay nagbibigay rin ng malawak na impormasyon tungkol sa mga korporasyon, kasama ang mga benepisyo ng pederal na inkorporasyon kung ninanais ninyong palawakin ang inyong negosyo sa iba pang probinsya. Bisitahin ang:

www.strategis.ic.gc.ca/epic/internet/incd-dgc.nsf/en/Home

3. GUMAWA NG PLANONG PANG-NEGOSYO O 'BUSINESS PLAN'

Ang planong pang-negosyo ay isang nakasulat na dokumento na naglalaman ng mga detalye at kung ano gagawin ng inyong negosyo, paano ito patatakbuhin, at nagsasaad ng inyong mga layuning pang-negosyo. Ang mga pinansiyal na institusyon ay maaaring suriin ang inyong planong pang-negosyo at gumawa ng desisyon ng pagpapahiram ng pera batay sa impormasyon na inyong ibinigay. Ito rin ay makatutulong na masigurado ninyo – kahit na hindi ninyo kailangan na manghiram ng pera sa iba – na nakahanda na kayong ilunsad ang bago ninyong negosyo.

Maaari din ninyong ipadala ang kopya ng inyong planong pang-negosyo sa Small Business BC at pagkatapos ay gumawa ng appointment sa isang miyembro mula sa Business Plan Team. Ang Business Plan Team ay susuriin ng walang pagkiling ang inyong plano at magbibigay ng kanilang puna o kuru-kuro tungkol dito. Ang Small Business BC ay sumasang-ayon na pangangalagaan ang impormasyon na ipinagkaloob sa kanila nang kumpidensiyal at hindi ipamamahagi o ipamamalita ang impormasyon ng planong pang-negosyo ng hindi muna kukuhanin ang inyong nakasulat na pagsang-ayon. Pumunta sa

www.smallbusinessbc.ca/bizResources-planReview.php

4. KUMUHA NG PONDONG PANG-NEGOSYO

Upang magtagumpay ang inyong bagong maliit na negosyo, kailangan ninyo ng sapat na puhunan upang matakpan ang mga gastusin sa pagsisimula at sa pang araw-araw na pagpapatakbo ng negosyo. Kung wala kayong sapat na salapi para sa pagsisimula, sa pamamagitan ng inyong pamilya, kaibigan, pag-utang o 'loan' o kaya ay 'line of credit,' maaari ninyong bigyang konsiderasyon ang ibang panggagalingan ng puhunan sa labas.

Para sa impormasyon tungkol sa mapagkukunan ng puhunan mula sa gobyerno, pribado at sa tinatawag na 'venture capital,' pumunta sa:

> Small Business BC sa:

www.smallbusinessbc.ca/bizstart-financing.php o

> strategis website ng Industry Canada sa:
www.strategis.gc.ca i-klik ang 'Resources for Businesses' sa bandang kaliwa.

MANGHINGI NG PAYO

Kung hindi kayo sigurado kung anong istruktura ng negosyo ang pinakamabuti sa inyong negosyo, ipinapayo namin na makipag-usap kayo sa isang abogado at sa accountant upang malaman kung ano ang kinakailangan ng bawa't isa, pareho alinsunod sa batas at sa pananalapi.

Karagdagan:

> Kung kayo ay nakatira sa rural British Columbia, maaari kayong bumisita rin sa inyong lokal na Community Futures Development Corporation (CFDC). Upang makita ang pinakamalapit na CFDC sa inyo, tumawag sa 604 685-2332 o bisitahin ang:

www.communityfutures.ca/contact.php

> Ang Ministry of Jobs, Tourism and Innovation ay nag-aalok ng mga programa na tumutulong sa maliliit na negosyo na makakuha ng kapital na puhunan o investment capital, mula sa mga nagsisimula pa lamang at hanggang doon sa mga gustong magkaroon ng karagdagang puhunan para makipagpaligsahan sa pandaigdigang pamilihan o global market. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 1 800 665-6597, o bisitahin ang:

www.equitycapital.gov.bc.ca

At huwag kalimutan na kausapin ang inyong bangko o credit union. Maaari silang magbigay ng kumpletong impormasyon tungkol sa mga produkto at serbisyo na makatutulong sa maayos at mabisang pamamahala ng inyong negosyo. Ang impormasyon sa mga pinansiyal na serbisyo para sa maliliit na negosyo ay makukuha sa:

> Canadian Bankers Association sa **www.cba.ca** o tumawag sa 1 800 263-0231.

> Central 1 Credit Union sa **www.central1.com** o tumawag sa 1 800 661-6813.

5. PUMILI NG PANGALAN NG INYONG NEGOSYO AT PA-APROBAHAN ITO

Kung nais ninyong gumamit ng pangalan ng negosyo na kaiba sa inyong personal na pangalan, kailangang ma-aprobahan ang pangalan ng inyong negosyo – at pagkatapos ay ma-i-rehistro sa – BC Registry Services, bahagi ng panlalawigang Ministry of Labour, Citizens' Services and Open Government.

Ang pangalan ng mga negosyo ay dapat may parehong elemento na nagtatangi o 'distinctive' at nagpapaliwanag o 'descriptive,' tulad ng 'ABC' (***nagtatangi*** o ***distinctive*** na elemento) 'Manufacturing' (***nagpapaliwanag*** o ***descriptive*** na elemento). Kailangang dagdagan ng designasyong pang-korporasyon tulad ng 'Ltd.' kung binabalak ninyong ipatala bilang korporasyon ang inyong negosyo.

Magandang ideya na magkaroon ng una, pangalawa at pangatlong pagpipilian ng pangalan ng inyong negosyo, kung sakali na ang pangalang nais ninyo ay hindi na maaari. Maaari kayong magsagawa ng mga panimulang pagsasaliksik para sa mga potensiyal na salungatan sa pamamagitan ng pagtingin sa mga nakalista sa telepono, direktoryo ng mga negosyo o mga kauring lathalain.

Maaari kayong mag-download ng 'Name Approval Request' na pormularyo (ang pormularyong ito ay may kasamang mga patnubay sa pagpili ng pangalan) sa:

www.bcregistryservices.gov.bc.ca/bcreg/corppg/forms.page

Ang pormularyong ito ay makukuha rin at mapo-proseso sa karamihan ng mga lokasyon na OneStop. Upang makita ang pinakamalapit sa iyo, tumawag sa 1 877 822-6727, o bisitahin ang:

www.bcbusinessregistry.ca/sites.htm

Maaari rin kayo mag-apply para maaprubahan ang pangalan sa Name Requests Online sa

www. bcregistryservices.gov.bc.ca/nro

Isumite ang inyong Name Approval Request online sa Name Reservation Unit para maiksamen sa Corporate Registry. Gagamitin ang credit card para magbayad online (Visa, Mastercard, o American Express). May online na impormasyon na makukuha upang matulungan kayo sa proseso.

Sa sandaling ma-aprobahan ang pangalan ng inyong negosyo, ito ay ire-reserba ng 56 na araw batay sa kalendaryo. Sa loob ng 56 na araw na ito, kailangan ninyong i-rehistro ang inyong negosyo sa BC Registry Services ng Provincial Government ng British Columbia.

6. IREHISTRO ANG INYONG NEGOSYO

Kung ang inyong negosyo ay isang 'sole proprietorship' o kaya ay 'general partnership,' mabilis at madali ninyo itong mai-rerehistro sa Province of British Columbia online gamit ang OneStop Business Registration Service sa:

www.bcbusinessregistry.ca/registrations.htm

Kakailanganin ninyo ng Visa, MasterCard o American Express upang makumpleto at mabayaran ang transaksiyong ito sa Internet.

PANGANGALAGA SA PANGALAN NG INYONG NEGOSYO

Ang pangalan ng mga negosyong nasa 'sole proprietorships' at 'general partnerships' ay hindi protektado ng batas, nangangahulugan na maaaring may iba na magdesisyon na gamitin ang kaparehong pangalan. Ang mga negosyo lamang na nakatala bilang korporasyon ang may ganoong proteksiyon.

Kung mahalaga sa inyo ang pangangalaga ng pangalan ng inyong negosyo, maaaring nanaisin ninyong itala bilang korporasyon ang inyong negosyo.

Ang mga pagbabayad sa kahera upang magrehistro (gamit ang cash, debit card o cheque) ay maaaring tanggapin sa mga lokasyon ng OneStop tulad ng mga opisina ng Service BC Centres. Tumawag sa 1 877 822-6727 upang makita ang pinakamalapit na lokasyon sa inyo.

Kung kayo ay magdesisyon na gusto ninyong maging inkorporado, kailangan kayong mag-file ng Aplikasyon para sa Inkorporasyon o 'Incorporation Application' sa BC Registry Services.

> Tingnan ang website para sa detalyadong impormasyon tungkol sa proseso ng aplikasyon sa:

www.bcregistryservices.gov.bc.ca

> Mag-aplay online, sa pamamagitan ng paggamit ng CorporateOnline **www.corporateonline.gov.bc.ca** (piliin ang 'File an Incorporation Application' sa home page); o

> Para sa impormasyon tungkol sa pag-a-aplay upang mailista bilang korporasyong pederal, bisitahin ang Corporations Canada sa:

strategis.ic.gc.ca/epic/internet/incd-dgc.nsf/en/Home

7. MAG-APLAY NG PANGALAN NG INYONG 'DOMAIN' O KUNG SA ANONG PANGALAN ITO MAKIKILALA SA INTERNET

Maaaring nais ninyong gamitin ang Internet upang itinda o ikalakal ang inyong mga paninda o serbisyo. Kung gayon, kakailanganin ninyo ng pangalan ng tinatawag na 'domain' (isang pangalan na tutukoy sa inyong website sa Internet). Maaari kayong magsaliksik kung ang pangalan ng 'domain' na nais ninyo ay hindi pa nakukuha ng iba, at bilhin ang karapatan sa pangalang iyon.

8. MAGREHISTRO PARA SA MRDT

Kung kayo ay nagpapatakbo ng isang hotel, motel o iba pang panuluyan sa ilang lugar sa lalawigan, maaari kayong kailanganing sumingil ng isang municipal at regional district tax (MRDT) sa presyo ng bayad para sa akomodasyon. Ang ibig sabihin nito ay maaari kang kailanganing mag-rehistro sa Ministry of Finance. Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa municipal at regional district tax, magpunta sa ministry website sa:

www.sbr.gov.bc.ca/business/Consumer_Taxes/Municipal_Regional_Tax/municipal_regional_tax.htm

9. MAGREHISTRO PARA SA HST

Upang magparehistro ng 'online' sa Canada Revenue Agency, magpunta sa OneStop Business Registry sa **www.bcbusinessregistry.ca/registrations.htm**

10. TAPUSIN ANG IBA PANG PAGPAPAREHISTRO

Maaaring kailangan din ninyo na makumpleto ang iba pang mga rehistrong panlalawigan, pampederal o sa lokal na gobyerno. Ang mga pagpaparehistro na nakalista sa ibaba ay maaaring kumpletuhin sa pamamagitan ng OneStop Business Registry, **www.bcbusinessregistry.ca**. Halimbawa:

> Kung plano ninyong kumuha ng mga empleyado – o kung naitatag ninyo ang inyong bagong negosyo bilang isang korporasyon – kailangan ninyong magparehistro sa WorkSafeBC at magbayad ng WorkSafeBC 'insurance premium.' Ito ang magsisigurado na kayo at ang inyong mga tauhan ay protektado sa mga pagkakataon ng karamdaman at kapinsalaan na kaugnay sa trabaho. Kung kayo ay nagtatrabaho para sa inyong sarili o 'self-employed,' maaari din na nais ninyong mag-apply para sa Opsiyunal na Personal na Proteksiyon o 'Personal Optional Protection' ng WorkSafeBC. Upang malaman ang iba pa, bisitahin ang website ng WorkSafeBC na:

www.worksafebc.com

> Maaari din na nais ninyong i-download ang Small Business Primer: A Guide to WorkSafeBC sa:

www.worksafebc.com/publications/how_to_work_with_the_wcb/Assets/PDF/Primer.pdf

> Kung kayo ay tumatanggap ng mga empleyado at nagbabayad ng suweldo, pasahod, mga bonus, bayad na bakasyon o mga tips para sa inyong mga empleyado – o nagkakaloob ng mga benepisyo sa inyong mga empleyado katulad ng libreng pagtira at pangangasera – kailangan pa rin ninyong magparehistro sa Canada Revenue Agency para sa account kaugnay sa pagbawas sa suweldo o 'payroll deductions account.' Dahil sa account na ito maaari kayong makapagbayad ng mga hinihinging pagbabayad ng buwis sa kinita o Income Tax, Canada Pension Plan (CPP) at Employment Insurance (EI). Para sa ibang detalye tungkol sa account para sa mga 'payroll deductions,' tumawag sa 1 800 959-5525 o magpunta sa website ng CRA sa:

www.cra-arc.gc.ca/tx/bsnss/tpcs/pyrll/menu-eng.html

> Kung ang inyong negosyo ay nakalista bilang korporasyon, o kung kayo ay isang hindi residenteng korporasyon na nagsasagawa ng negosyo sa Canada, kailangan ninyong magparehistro para sa account na Corporate Income Tax sa Canada Revenue Agency.

> Kung kayo ay mag-aangkat (import) o magluluwas (export) ng mga kalakal, kailangan ninyong magparehistro sa Canada Border Services Agency (CBSA). Maaari ninyong irehistro ang inyong negosyo sa CBSA sa pamamagitan ng OneStop Business Registry. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa pag-aangkat o pagluluwas, pumunta sa 'site' ng CBSA sa:

www.cbsa-asfc.gc.ca/menu-eng.html

Piliin ang 'Commercial Sector' mula sa kaliwang bahagi ng pahina.

> Kung kayo ay may isang restaurant at ang paghahanda ng pagkain ay ang pangunahing pokus ng inyong negosyo, at hindi ang alak at mga inuming may ispiritu, maaari kayong mag-aplay para sa Restaurant (Food-Primary) Liquor Licence sa pamamagitan ng OneStop Business Registry sa:

www.bcbusinessregistry.ca/introduction/lclb.htm

> Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Restaurant (Food-Primary) Liquor Licence, magpunta sa website ng Liquor Control at Licensing Branch sa:

www.pssg.gov.bc.ca/lclb/apply/index.htm

> Kung kailangan ninyong palitan ang address ng inyong negosyo sa pamamagitan ng OneStop Business Address Change Service, o nagpaplano ng regular na paggamit ng iba pang 'e-services' o serbisyong pang-elektronik ng gobyerno, kailangan ninyo ng pang-negosyong BC*e*ID. Maaari kayong mag-aplay para sa negosyong BC*e*ID sa pamamagitan ng OneStop Business Registry. Ang BC*e*ID ay isang online na serbisyo na gagawing posible para sa inyo na magamit ang isang login ID at password para mag-sign in na walang balakid sa alinmang panlalawigang website ng gobyerno na nakikilahok sa BC*e*ID. Para sa kumpletong listahan ng mga e-serbisyo ng gobyerno na gumagamit ng BC*e*ID, bisitahin ang Online Service Directory sa:

www.bceid.ca/directories/bluepages

Karagdagan, ang inyong negosyo ay maaaring mangailangan ng lisensya mula sa munisipyo upang mapatakbo. Bawa't munisipyo ay magkakaiba. Mangyaring tingnan ang inyong lokal na gobyerno o ang First Nations upang malaman ang tungkol sa lisensya at mga kailangan sa zoning sa inyong lugar. Kung kailangan ninyong magparehistro para sa lisensya ng inyong negosyo sa munisipyo, magagawa ninyo ito sa pamamagitan ng OneStop Business Registry.

Bisitahin ang **www.bcbusinessregistry.ca/localgovernment.htm** para sa listahan ng mga kalahok na lokal na gobyerno at First Nations.

HINDI PA NAKAPAGPAPASIYA TUNGKOL SA PAG-AANGKAT/ PAGLULUWAS?

Tingnan ang aming patnubay sa pag-aangkat/pagluluwas (Import/Export Guide).

Ang patnubay na ito ay magpapakilala sa inyo sa mga lugar at mga tao na maaaring makatulong sa inyo na makapag-desisyon kung ang pag-aangkat at pagluluwas ay angkop sa inyo, at kung paano ninyo maayos na maitatayo ang inyong negosyo upang makilahok sa kapanapanabik na daigdig ng kalakalang pang-internasyonal. Ito ay makukuha sa pamamagitan ng Ministry of Jobs, Tourism and Innovation:

www.resourcecentre.gov.bc.ca/pdf/ImptExptGuideEng.pdf

Maaari rin ninyong i-access ang BizPaL, isang madaling web-based na serbisyo na nagpapahintulot sa mga kliyente ng negosyo na madaling makakuha ng customized na listahan ng mga permit at mga lisensiya na kinakailangan nila sa lahat ng antas ng gobyerno sa pamamagitan ng pagsagot sa ilang mga simpleng katanungan tungkol sa kanilang mga negosyo. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa BizPaL, mangyaring tingnan ang ika-12 hakbang ng patnubay na ito.

PARA SA IBA PANG IMPORMASYON

Ang Small Business BC ay nagkakaloob ng listahan o tseklist na makakatulong sa inyo na malaman talaga kung aling rehistro ang kailangan ninyong kumpletuhin.

Pumunta sa **www.smallbusinessbc.ca/bizstart-checklist.php**

Ang Canada Revenue Agency ay naglathala din ng Patnubay para sa Maliliit na Negosyong Canadian o Guide for Canadian Small Businesses na nagpapaliwanag ng mga pampederal na kinakailangan para sa HST, pagbawas sa payroll o 'payroll deductions' pag-aangkat/pagluluwas o 'importing/exporting' at incorporate income tax.

Pumunta sa **www.cra-arc.gc.ca/E/pub/tg/rc4070/README.html/** o tumawag sa 1 800 959-5525.

IBA PANG BATAS

Upang malaman kung mayroon pang ibang panuntunan ng gobyernong panlalawigan o pampederal na mailalapat sa inyong partikular na negosyo, tumawag sa Small Business BC sa 1 800 667-2272 o bumisita sa **www.smallbusinessbc.ca** at i-klik ang 'search button'. Mula doon, piliin ang 'provincial o federal regulations at piliin ang uri ng inyong negosyo.

Maaari kayong makakita ng mga kopya ng lahat ng mga batas ng British Columbia sa:

www.qp.gov.bc.ca/statreg

Mabibili mo ang mga ito sa pamamagitan ng Crown Publications sa 250 387-2432. Maaari din kayong magpalista (may bayad) para sa QP Legaleze, isang database na maaaring masaliksik ang mga kasalukuyang mga batas panlalawigan at mga batas na binubuo pa (hindi pa sila napapasa sa Lehislatura).

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang:

www.qplegaleze.ca

11. IMBESTIGAHAN ANG IBA PANG MGA KARAGDAGANG PAGREREHISTRO AT MGA KAKAILANGANIN SA PAGNENEGOSYO

Maaari na mayroon pang ibang mga karagdagang rehistro o mga kailangan na dapat ninyong bigyan pansin bago kayo magbukas ng inyong maliit na negosyo. Halimbawa:

Employment Standards Branch
Ministry of Labour, Citizens' Services and Open Government
www.labour.gov.bc.ca/esb

Walang bayad (ENQUIRY BC): 1 800 663-7867 (Outside Greater Vancouver/Greater Victoria)
Tel: 250 387-6121 (Greater Victoria)
Tel: 604 660-2421 (Greater Vancouver)

Ang Employment Standards Act at Employment Standard Regulation ay saklaw ang karamihan sa mga lugar na pinagtatrabahuhan sa British Columbia at sakop ang mga mahahalagang paksa tulad ng kinakailangang 'rate' ng pasahod, mga alituntunin sa bakasyon at mga 'overtime'. Kung balak ninyong kumuha ng mga empleyado, kailangan maging pamilyar kayo sa mga impormasyon na ito.

Industry Training Authority
www.itabc.ca

Tel: 1 866 660-6011
E-mail: customerservice@itabc.ca

Ang Industry Training Authority (ITA) ay isang ahensya ng panlalawigang gobyerno na may responsibilidad na pangasiwaan at isulong ang sistema ng pagsasanay sa industriya sa British Columbia. Kung kayo ay nagpaplano na kumuha ng mga aprentis upang magtrabaho sa inyong bagong negosyo, kailangan na magrehistro kayo sa ITA.

Canada Revenue Agency
www.cra-arc.gc.ca

English: 1 800 959-5525 o **www.cra-arc.gc.ca/menu-e.html**
French: 1 800 959-7775 o **www.cra-arc.gc.ca/menu-f.html**

Kung ang negosyo ninyo ay alinman sa 'sole proprietorship' o 'general partnership,' kailangan ninyong iulat ang inyong kabahagi ng tubo bago binawas ang mga gastos (gross profit) o pagkatapos bawasin ang mga gastos (net profit) (o pagkalugi) sa inyong individual tax return (T1). Kung ang negosyo ninyo ay legal na korporasyon, kailangan ninyong mag-file ng corporation tax return (T2) sa loob ng anim na buwan matapos ang katapusan ng piskal na panahon o period ng korporasyon.

Canadian Company Capabilities Database

www.ic.gc.ca/eic/site/ccc-rec.nsf/eng/Home

Tel: 1 800 328-6189

Kung plano ninyo na:

> Gumawa ng mga produkto.

> Magluwas ng mga produkto sa ibang bansa.

> Magbenta ng mga produkto o serbisyo sa ibang mga kompanya o organisasyon.

Maaaring bigyan ninyo ng konsiderasyon ang paglahok sa Canadian Company Capabilities Database ng Industry Canada upang masigurado na ang mga mamimili sa Canada at sa buong mundo ay alam ang tungkol sa inyong mga produkto at serbisyo. Mahigit 500,000 na mga domestik at pang-internasyonal na mga kompanya ang nagba-'browse' sa database bawa't buwan sa paghahanap ng mga negosyo sa Canada. Irehistro ang inyong negosyo sa database sa pamamagitan ng OneStop Business Registry sa

www.bcbusinessregistry.ca/registrations.htm

Canadian Intellectual Property Office

www.cipo.gc.ca

Tel: 1 866 997-1936

Ang mga patente, karapatang magpalathala o 'copyright' at mga tatak pangkalakal o 'trademarks' ay lahat na mga paraan na ginagamit sa negosyo upang protektahan ang kanilang intelektwal na pag-aari o 'intellectual property,' kabilang na dito ang mga ideya sa negosyo at mga imbensiyon, disenyo, simbolo at produkto. Ang Canadian Intellectual Property Office ng Industry Canada ay nag-aalok ng serye ng mga patnubay na nagpapaliwanag kung paano irehistro ang mga patente, karapatang magpalathala o 'copyright' at mga tatak pangkalakal o 'trademarks' ng inyong negosyo.

MGA REKORD NG NEGOSYO

Kahit kayo ay nagpapatrabaho sa mga empleyado o nagtatrabaho para sa inyong sarili, kayo ay kinakailangan ng batas na mag-ingat ng kumpletong mga rekord ng mga kinita at ginastos ng inyong bagong negosyo. Ang website ng Canada Revenue Agency ay nagbibigay ng listahan ng lahat ng mga rekord ng negosyo na dapat ingatan. Bumisita sa **www.cra-arc.gc.ca** at pumunta sa 'records retention' sa search box.

Inirerekomenda din namin na tumawag kayo ng kwalipikadong accountant upang tumulong sa pag-aayos at pagpapanatili ng maayos na rekord at mga account. Maganda rin na ideya na makipag-usap sa abogado para makahingi ng payo tungkol sa mga legal na isyu na maaaring makaapekto sa inyong maliit na negosyo.

12. TINGNAN ANG MGA KINAKAILANGANG PERMISO AT MGA LISENSYA – BizPaL

Business starts here

www.bcbizpal.ca

Ang BizPal ay isang libreng online tool upang gawing mas madali ang iyong pagkuha ng business permit at lisensya. Ang proseso na ito na nagbibigay ng bawat hakbang ay gagawa ng listahan ng mga permit at lisensya na maaaring kailangan mo mula sa lahat ng mga antas ng pamahalaan upang magpalakad o magbukas ng isang negosyo.

13. GAWIN NA BAHAGI NG PAGNENEGOSYO ANG MGA PAMAMALAKAD NA MAKATUTULONG SA KABUTIHAN NG KAPALIGIRAN

Ang pagsisigurado na ang inyong negosyo ay tumatakbo sa pamamaraan na ayon sa pagpapanatili ng maayos na kapaligiran ay hindi lamang makabubuti sa kapaligiran, subalit makababawas din sa gastos, makadaragdag sa pagiging episyente, at makatutulong sa inyong kompanya na magkaroon ng malakas na reputasyon sa komunidad. Ang pagbabawas sa tinatawag na 'greenhouse gas emissions' ay maaring lumikha sa hinaharap ng mga oportunidad sa pagnenegosyo katulad ng pagkakaloob ng higit na malinis na mapagkukunan ng enerhiya, mas mabisang mga produkto, at iba pang alternatibang teknolohiya.

Maraming mga aksyon o hakbang na magagawa ang mga kompanya upang mabawasan ang mga 'emission' na pangkaraniwan sa mga organisasyon at 'cost-effective' o mabisa batay sa halaga – lalo na kung gagawing bahagi ang mga ito sa pagsisimula ng pagdebelop o 'start-up phase' ng negosyo. Halimbawa isama ang pagpapalakas sa pagiging episyente ng enerhiya sa pamamagitan ng matalinong pagpili ng mga kasangkapan, pagpapalawak ng paggamit ng enerhiya na may kasamang muling magagamit o 'renewable' na enerhiya at pagsunod sa mga pamantayan ng minimal na pagpapakete. Kapag ginawang bahagi ng inyong planong pang-negosyo ang mga pamamalakad na makatutulong sa pagpapatuloy ng negosyo mula sa pagsisimula, makatitiyak kayo na ang inyong negosyo ay mapapamahalaan sa posibleng pamamaraan na pinaka-episyente at pinaka-mabuti para sa kapaligiran.

Upang makaalam pa ng marami tungkol sa plano ng Gobyerno ng British Columbia sa pagbabawas ng paggamit ng enerhiya at pagpapalakas ng pagiging episyente, tingnan ang:

www. energyplan.gov.bc.ca

14. TINGNAN ANG IBA PANG KAPAKI-PAKINABANG NA MAPAGKUKUNAN O 'RESOURCES'

Karagdagan sa Small Business BC (tingnan ang pahina 2) at sa OneStop Business Registry (tingnan ang pahina 3), mayroong ilang bilang ng lugar na kung saan ang mga may-ari ng maliliit na negosyo ay maaaring maghanap ng mga bagong oportunidad sa pagnenegosyo, mga praktikal na mga payo at mga kapaki-pakinabang na serbisyo.

MGA ABORIHINAL NA ENTREPRENYUR

Aboriginal Business Service Network

www.absn.ca

Tel: 1 888 576-4444
TTY (Teletypewriter): 1 800 457-8466

Sa pagho-host ng Gobyerno ng Canada, ang website ng Aboriginal Business Service Network ay pinagsasama-sama ang mga impormasyon, mga pinagkukunan at mga serbisyo na may itinatanging layunin na makatulong sa mga Aborihinal na entreprenyur upang mapagbuti ang kanilang pagkuha ng puhunan at pagtatatag o pagdebelop ng kanilang mga negosyo.

Sa Aboriginal Business Service Network ay matatagpuan ang mga impormasyon tungkol sa pagsisimula at pagpopondo ng negosyo, pagdedebelop ng planong pang-negosyo at iba pang mga paksa-lahat ay mula sa Aborihinal na pananaw.

Aboriginal Business Entrepreneurship and Skills Training (BEST) Program

www.smallbusinessconsultant.ca/best/

Walang bayad (ENQUIRY BC): 1 800 663-7867 (sa labas ng Greater Vancouver/Greater Victoria)
Tel: 250 387-6121 (Greater Victoria)
Tel: 604 660-2421 (Greater Vancouver)
E-mail: ABRInfo@gov.bc.ca

Ang Aboriginal Best ay isang serye ng pagsasanay na may 12-sesyon – na iniaalok ng Ministry of Aboriginal Relations and Reconciliation – na nagkakaloob sa mga kabataang Aborihinal na entreprenyur ng British Columbia, na may edad na 18 hanggang 35 taong gulang, ng mga kasangkapan na kailangan nila sa pagssimula ng kanilang sariling negosyo. Sa pamamagitan ng programang ito, maaari kayong makagawa ng isang pananaliksik sa pamilihan o 'market research,' sumulat ng planong pang-negosyo at tumuklas ng mga opsiyon ng pagpopondo.

First Citizens Fund

www.gov.bc.ca/arr/economic/fcf/default.html

Walang bayad (ENQUIRY BC): 1 800 663-7867
E-mail: ABRInfo@gov.bc.ca

Ang panlalawigang Ministry of Aboriginal Relations and Reconciliation and Service Canada ay pinamamahalaan ang First Citizens Fund upang palawakin ang mga oportunidad na pangkultura, pang-edukasyon at pang-ekonomiya para sa mga Aborihinal na tao sa British Columbia. Ang isa sa mga pangunahing layunin ng First Citizens Fund ay tumulong sa mga Aborihinal na tao at mga organisasyon na magsimula at palawakin ang mga negosyo sa pamamagitan ng mga pagpapahiram ng puhunan sa negosyo at pagbibigay ng mga serbisyong pagpapayo sa negosyo.

MGA KABATAANG ENTREPRENYUR

Canadian Youth Business Foundation

www.cybf.ca

Tel: 1 800 464-2923

Ang Canadian Youth Business Foundation (CYBF) ay isang pambansang kawang-gawa o 'charity' na tumutulong sa mga Canadian, edad 18 hanggang 34 taong gulang, na lumikha ng kanilang sariling matagumpay na mga negosyo. Ang CBYF ay nagbibigay ng online na mapagkukunan o 'resources' ng negosyo at nagpapahiram ng hanggang $15,000 at sa kooperasyon sa Business Development Bank of Canada (BDC) hanggang $45,000 upang maibigay ang pundasyon sa pagsisimula ng mga bagong negosyo. Ang bawa't kabataang entreprenyur ay itinatapat sa isang boluntaryong tagapag-turo o mentor para sa di bababa sa dalawang taon ng kritikal na panahon habang nagsisimula.

MGA KABABAIHANG ENTREPRENYUR

Women's Enterprise Centre

www.womensenterprise.ca

Tel: 1 800 643-7014
E-mail: inquiry@womensenterprise.ca

Itinatag ng Western Economic Diversification Canada noong 1995, ang Women's Enterprise Centre ay nakalaan sa pagtatatag at pagpapadami ng mga negosyo na pag-aari at kontrolado ng mga kababaihan sa lalawigang ito. Ang sentro ay lumaki at naging pangunahing sentro ng mapagkukunan ng impormasyon ukol sa negosyo sa ating probinsya para sa mga kababaihan na nagsisimula, bumibili, o nagpapalaki ng isang maliit na negosyo. Ang sosyedad ay naghahandog din ng mga pangkasanayang pagsasanay sa mga kababaihan sa mga paksang tulad ng pagkakalakal o 'marketing,' pamamahalang pampinansiyal at mapamaraang pag-iisip o 'strategic thinking.'

PANGKALAHATANG IMPORMASYON

Canada's Pacific Gateway
www.th.gov.bc.ca/PacificGateway/index.htm

Nagtulungan ang pamahalaan at mga partner sa industriya upang maganap ang pangmatagalang pangarap ng British Columbia na maging tarangkahan o preferred gateway para sa pakikipagkalakalan sa Asya Pasipiko, na may pinaka-kompetitibong supply chain sa west coast ng mga Kontinente ng Amerika.

Ngayon, ang Pacific Gateway ng Canada ay network ng transportasyon na isa sa mga nangunguna sa mundo. Kasama sa kanyang integrated seamless supply chain ang mga airport, seaport, railway, kalsada at border crossing, na nagkokonekta sa Canada at North American market sa Asya at sa mundo.

Ang mga pangunahing publiko at pribadong pamumuhunan ay magdaragdag sa kapasidad, tatanggalin nito ang mga kagipitan, at gagawin nitong mas madali ang pagpapalakad. Ang mga proyekto upang palakihin at pahusayin ang imprastruktura ng port, rail, road, at airport na kasalukuyang nasa plano o isinasagawa ay nagkakahalaga ng higit sa $22 bilyon.

Community Futures Development Corporations
www.communityfutures.ca/provincial/bc/index.html

Tel: 604 685-2332
E-mail: info@communityfutures.ca

May 34 na Community Futures Development Corporations (mga CFDC) sa kapalibutan ng rural na pook sa British Columbia. Ang mga ito ay natratrabaho kasama ng Western Economic Diversification Canada upang maghandog ng mga programang pang-entreprenyur, pagpapayong pang-negosyo, programa sa pagpapahiram ng puhunan at mga impormasyong pang-negosyo sa mga miyembro ng lokal na komunidad na interesado sa pagsisimula o pagpapalawak ng kanilang sariling negosyo. Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang:

www.bcbusinessregistry.ca/sites.htm

FrontCounter BC
www.frontcounterbc.gov.bc.ca/

Tel: 1 877 855-3222
E-mail: frontcounterbc@gov.bc.ca

Ang FrontCounter BC ay naghahandog ng pamamaraang nakasentro sa mamamayan o 'citizen-centered approach' na may layunin na magbibigay sa mga kliyente ng isang mapagkukunan ng impormasyon para sa lahat ng lisensya, permiso, at mga pagrerehistro na kinakailangan sa pagsasagawa ng negosyo sa mga 'crown land' o lugar na pag-aari

ng gobyerno saan mang bahagi ng lalawigan. Ang mga kliyente ay maaring makagamit ng mga serbisyo ng FrontCounter BC sa pamamagitan ng telepono, Internet, email o harapang pakikipag-usap sa mga tauhan na tanging sinanay at may kaalaman sa pagbibigay ng kapangyarihan o autorisasyon at mga permiso na kailangan sa mga sektor tulad ng enerhiya, pagmimina, panggugubat o 'forestry,' agrikultura, transportasyon, kapaligiran, komersyal na pag-aaliw, atbp. Kasama sa serbisyo ng FrontCounter BC ang: paggabay sa mga kliyente sa pagkuha ng mga kailangang autorisasyon; pagtulong sa mga kliyente sa pagkumpleto ng mga pakete sa pag-a-aply; pagpapaliwanag ng mga impormasyon tungkol sa lupa, mapa, plano sa pamamahala, pagpapa-follow up at pagtunton sa istatus o kalagayan ng mga isinumiteng aplikasyon; pagtayo bilang taga-pamagitan sa mga ministri, mga ahensya at gobyerno; at libreng paggamit ng internet sa mga serbisyo tulad ng Base Maps Online Store, BCeID, Integrated Land Resource Registry at Mineral Titles On-Line. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang:

www.bcbusinessregistry.ca/sites.htm

Ministry of Jobs, Tourism and Innovation
www.gov.bc.ca/jti

E-mail: smallbusinessbranch@gov.bc.ca

Ang website ng ministry ay may impormasyon tungkol sa mga programa at serbisyo na may kaugnayan sa maliit na negosyo, at nag-aalok ng suporta sa maliit na negosyo ukol sa pagsimula at pagpapalago. Ang pangunahing ahente na tagapaghatid ng serbisyo ng ministry ay ang Small Business BC.

Service BC
www.servicebc.gov.bc.ca

Walang bayad (ENQUIRY BC): 1 800 663-7867 (sa labas ng Greater Vancouver/Greater Victoria)
Tel: 250 387-6121 (Greater Victoria)
Tel: 604 660-2421 (Greater Vancouver)

Tumawag sa Call Enquiry BC upang malaman ang pinakamalapit sa iyong opisina ng Service BC Centre. Ang Service BC Centres, na matatagpuan sa 60 komunidad sa ibayo ng British Columbia, ay nagkakaloob ng isang lugar para sa mga impormasyon, serbisyo at aplikasyon ng pamahalaang panlalawigan. Maaaring sagutin ng mga tauhan ng Service BC Centre ang inyong mga katanungan tungkol sa mga alituntunin ng gobyerno at matulungan kayo tungkol sa mga impormasyon at pagrerehistro ng isang maliit na negosyo. Makatutulong din sila sa mga Community Access Terminals (CATS), na nasa bawa't opisina, na magpapahintulot sa inyo na makuha ang mga impormasyon ng gobyerno at mag-file ng aplikasyon sa pamamagitan ng internet. Ang lahat ng mga opisina ng Service BC Centres ay mga lokasyon din ng mga Lugar ng OneStop Business Registry. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang:

www.bcbusinessregistry.ca/sites.htm

Small Business BC
www.smallbusinessbc.ca

Tel: 1 800 667-2272
E-mail: askus@smallbusinessbc.ca

Ang Small Business BC, na isang kolaborasyon o pagtutulungan ng pampubliko at pribadong sektor, ay ang komprehensibong business development resource para sa mga taong naggagalugad o tumutuklas ng mga oportunidad o pagkakataon, naglulunsad ng bagong pakikipagsapalaran at nagpapalaki ng kasalukuyang mga negosyo. Sa pamamagitan ng diretsahang pagsasali ng komunidad ng negosyante sa kanilang operasyon, ang Small Business BC ay napangyayari ang pagdebelop ng pagtutuwang sa pribadong sektor upang maragdagan at mapalawak ang mga serbisyo sa hinaharap. Ito ang pangunahing sentro na mapagkukunan ng mga impormasyon at serbisyo para sa maliit na negosyo sa lalawigan, kasama na dito ang pagrerehistro ng negosyo, mga seminar, pagpaplano at mga serbisyong pagpapayo.

Western Economic Diversification Canada
www.wd.gc.ca

Tel: 604 666-6256 o 1 888 338-9378
Email: info@wd-deo.gc.ca

Ang tungkulin ng Western Economic Diversification Canada (WD) ay itaguyod ang pag-unlad at pagkakaiba't-iba ng ekonomiya ng Western Canada at isulong ang interes ng Kanluran o West sa pamamalakad sa pambansang ekonomiya. Ang WD ang sumusuporta sa Western Canada Business Service Network, na kinabibilangan ng Community Futures Development Corporations, Aboriginal Business Services Network Society of B.C. (ABSN), at ng Women's Enterprise Centre of British Columbia at Small Business BC.

Ministry of Jobs, Tourism and Innovation
Small Business Branch,
Box 9822 Stn Prov Govt,
Victoria, BC V8W 9N3
p. 250.397.4699
f. 250.925.0113
www.gov.bc.ca/jti/

Aboriginal Business Service Network
Impormasyon at Resources Ukol sa Negosyo para sa Aboriginal na negosyante.
1.250.828.9833
www.absn.ca

BizPaL Business Permits and Licences
Online tool na magagamit upang mabilis at madaling malaman ang mga kinakailangan para sa permit at paglilisensya ng mga aktibidad na pangnegosyo.
bizpal@gov.bc.ca
www.bcbizpal.ca

Canada Business
Ang pangunahing site ng Gobyerno ng Canada para sa impormasyon sa negosyo.
1.888.576.4444
www.canadabusiness.gc.ca

Community Futures British Columbia
Pagpapayo at tulong sa negosyo para sa mga bago at kasalukuyang negosyo sa maliliit na lugar sa British Columbia.
1.604.685.2332
www.communityfutures.ca/index.html

FrontCounter BC
Iisang bintana lamang na mapagkukunan ng serbisyo para sa mga kliyente ng natural resource ng mga pamprobinsyang ministri at mga ahensiya ng natural resource upang makakuha sila ng impormasyon at mga awtorisasyon na kailangan nila sa pagsisimula o pagpapalawak ng isang negosyo.
1.877.855.3222
www.frontcounter.gov.bc.ca

La Société de développement économique
Ang Francophone Economic Development Organization ay nagsusuporta sa pagiging aktibo ng mga komunidad ng mga nagsasalita ng ibang wika at tumutulong sa pagdibelop ng ekonomiya.
1.877.732.3534
www.sdecb.com

OneStop Business Registry
Online na pagrerehistro ng negosyo at pagbabago ng address ng negosyo.
1.877.822.6727
www.bcbusinessregistry.ca

Service BC
Nagbibigay ng access sa buong probinsiya para sa mga serbisyo ng gobyerno, kabilang ang mga mahahalagang proseso ng gobyerno para sa negosyo.
1.800.663.7867 (Enquiry BC) ililipat sa pinakamalapit na Service BC Contact Centre.
www.servicebc.gov.bc.ca

Small Business BC
Isang komprehensibong mapagkukunan ng impormasyon sa pagnenegosyo at pagpaplano para sa pagsisimula at pagpapalawak ng negosyo sa British Columbia.
1.800.667.2272
www.smallbusinessbc.ca

Women's Enterprise Centre
Impormasyon sa negosyo, pagpapayo at mga kasanayan sa pagsasanay para sa mga kababaihang entreprenyur.
1.800.643.7014
www.womensenterprise.ca

[Filipino]